



Bill de Blasio  
Mayor

**Department of  
Consumer Affairs**

Julie Menin  
Commissioner

TAGALOG

## MAY-BAYAD NA BAKASYON PARA SA PAGKAKASAKIT: ANO ANG DAPAT MALAMAN NG MGA EMPLEYADO

Sa ilalim ng Earned Sick Time Act (Paid Sick Leave Law), (Batas sa Pinagtrabahuhanang Panahon para sa Pagkakasakit (Batas sa May-Bayad na Bakasyon para sa Pagkakasakit) ng Lungsod ng New York, may karapatang gamitin ng mga saklaw na empleyado ang bakasyon para sa pagkakasakit para sa pangangalaga at pagpapagamot para sa kanilang sarili o miyembro ng kanilang pamilya.

Inihanda ng Departamento ng Mga Usaping Pang-konsyumer (DCA) ang dokumentong ito upang magbigay-gabay sa mga empleyado tungkol sa kanilang mga karapatan sa ilalim ng batas. Isasapanahon ng DCA ang dokumentong ito ayon sa naaangkop. Pakitandaan ang petsa sa ibabang bahagi ng dokumentong ito. Upang basahin ang batas o ang Mga Madalas na Tinatanong tungkol sa batas, pumunta sa [nyc.gov/PaidSickLeave](http://nyc.gov/PaidSickLeave).

### MGA EMPLEYADONG SAKLAW/HINDI SAKLAW NG BATAS

Saklaw	Hindi Saklaw
<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga full-time na empleyado</li> <li>Mga part-time na empleyado</li> <li>Mga empleyado sa programa sa pansamantalang trabaho</li> <li>Mga empleyadong hindi dokumentado</li> <li>Mga empleyadong miyembro ng pamilya ngunit hindi mga may-ari</li> <li>Mga empleyadong nakatira sa labas ng Lungsod ng New York</li> </ul> <p><b>Dapat magtrabaho ang mga empleyado ng 80+ oras kada taon ng kalendaryo sa Lungsod ng New York.</b></p> <p><b>Tingnan ang seksiyon na “Mga Kasambahay” sa likod.</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga empleyadong nagtatrabaho nang 80 oras o mas mababa pa kada taon ng kalendaryo sa Lungsod ng New York</li> <li>Mga estudyante na nasa mga programang pederal na trabaho pag-aaral</li> <li>Mga empleyado na ang trabaho ay binabayaran ng mga kuwalipikadong programang iskolarsip</li> <li>Mga empleyado ng mga ahensiya ng pamahalaan</li> <li>Mga physical therapist, occupational therapist, speech language pathologist, audiologist na binigyang-lisensiya ng Departamento ng Edukasyon ng Estado ng New York</li> </ul> <p><i>Ang mga propesyonal na ito ay hindi saklaw sa ilalim ng batas kung maaari silang pumasok sa trabaho kung kailan nila gusto; ipinapasya nila ang kanilang sariling iskedyul ng trabaho; may kakayahang tanggihan o tanggapin ang anumang trabahong inire-refer sa kanila; at binabayaran ng karaniwang kada-oras na sahod, na hindi bababa sa apat na beses ng pinakamababang sahod sa pederal.</i></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Mga independenteng kontratista na hindi nakatutugon sa kahulugan ng isang empleyado sa ilalim ng <a href="http://New York State Labor Law">New York State Labor Law</a> (<a href="http://Batas sa Paggawa ng Estado ng New York">Batas sa Paggawa ng Estado ng New York</a>) (Pumunta sa <a href="http://labor.ny.gov">labor.ny.gov</a> at hanapin ang “Independent Contractors” (“Mga Independenteng Kontratista”).</li> <li>Mga kasali sa Mga Programang Karanasan sa Trabaho (WEP)</li> <li>Mga partikular na empleyadong napapasailalim sa collective bargaining agreement</li> </ul>

**Tandaan:** Kung ang inyong employer ay may kasalukuyang patakaran na nagpapahintulot sa mga empleyado na gamitin ang bakasyon para sa pagkakasakit, dapat matugunan o malampasan ng patakaran ang mga hinihingi ng batas.

### ABISO TUNGKOL SA MGA KARAPATAN NG EMPLEYADO

Empleyado	Petsa na Dapat Ibigay ang Nakasulat na Abiso sa Empleyado
Bago <i>Unang nagtrabaho noong o pagkatapos ng Abril 1, 2014</i>	Unang araw ng pagtatrabaho
Kasalukuyan <i>Pumapasok na sa trabaho para sa employer bago Abril 1, 2014</i>	Mayo 1, 2014

Kung kayo ay saklaw na empleyado, dapat kayong bigyan ng inyong employer ng nakasulat na abiso tungkol sa inyong karapatan sa bakasyon para sa pagkakasakit. May karapatan kayo sa abiso na nakasulat sa Ingles at, kung nasa website ng DCA, sa inyong pangunahing wika. **Magtago ng kopya ng abiso.**

## BILANG NG BAKASYON PARA SA PAGKAKASAKIT

(Tingnan ang seksiyon na “Mga Kasambahay” sa likod, kung naaangkop.)

Bilang ng Empleyado na Nagtatrabaho para sa Employer	Bilang ng Bakasyon para sa Pagkakasakit kada Taon ng Kalendaryo*	May-bayad o Walang-bayad na Bakasyon para sa Pagkakasakit	Antas ng Bayad
5 o mas marami pa	Hanggang 40 na oras	May-bayad	Regular na kada-oras na antas ngunit hindi bababa sa \$8 kada oras (pinakamababang sahod)
1-4	Hanggang 40 na oras	Walang-bayad	Hindi naaangkop

\*Tandaan: “Taon ng Kalendaryo” ay nangangahulugang anumang regular at magkakasunod na 12-buwang panahong ipinapasya ng employer. Dapat nakalagay sa Abiso tungkol sa Mga Karapatan ng Empleyado ang taon ng kalendaryo ng employer.

## PAGKA-IPON AT PAGGAMIT NG BAKASYON PARA SA PAGKAKASAKIT – MGA MAHAHALAGANG PETA

(Tingnan ang seksiyon na “Mga Kasambahay” sa ibaba, kung naaangkop.)

Antas ng Pagka-ipon	Petsa ng Pagsisimula ng Pagka-ipon	Petsa na Maaaring Gamitin ang Bakasyon para sa Pagkakasakit
1 oras para sa bawat 30 oras na pagtatrabaho	Abril 1, 2014 ( <i>Kasalukuyang empleyado</i> )	Hulyo 30, 2014 ( <i>Kasalukuyang empleyado</i> )
	Unang araw ng pagtatrabaho ( <i>Bagong empleyado</i> )	120 araw pagkatapos ng unang araw ng pagtatrabaho ( <i>Bagong empleyado</i> )

*Pagpupuwera:* Kung kayo ay saklaw ng isang collective bargaining agreement na umiiral noong Abril 1, 2014, magsisimula kayong maka-ipon ng bakasyon para sa pagkakasakit sa ilalim ng batas ng Lungsod simula sa petsa na nagtatapos ang agreement.

**Magtago ng kopya ng lahat ng dokumentong nagpapakita ng bilang ng inyong bakasyon para sa pagkakasakit at ang inyong pagka-ipon at paggamit sa bakasyon para sa pagkakasakit.**

## MGA TINATANGGAP NA DAHILAN SA PAGGAMIT NG BAKASYON PARA SA PAGKAKASAKIT

Maaari ninyong gamitin ang bakasyon para sa pagkakasakit kapag:

- Mayroon kayong karamdaman sa pag-iisip o katawan, pinsala, o kondisyon ng kalusugan; kailangan ninyong magpasuri ng karamdaman, kumuha ng pangangalaga, o paggamot ng inyong karamdaman sa pag-iisip o katawan, pinsala, o kondisyon; kailangan ninyong kumuha ng medikal na pangangalaga para maka iwas sa sakit.
- Kailangan ninyong alagaan ang isang miyembro ng pamilya na nangangailangan ng pagsusuri ng karamdaman, pangangalaga, o paggamot ng karamdaman sa pag-iisip o katawan, pinsala, o kondisyon ng kalusugan, o nangangailangan ng medikal na pangangalaga para maka iwas sa sakit.
- Magsasara ang negosyo ng inyong employer dahil sa isang emerhensiya na may kinalaman sa kalusugan ng publiko, o kailangan ninyong alagaan ang isang bata dahil nagsara ang kanyang paaralan o tagapagbigay ng pangangalagang pambata dahil sa emerhensiyang may kinalaman sa kalusugan ng publiko.

Kinikilala ng batas ang mga sumusunod bilang mga miyembro ng pamilya: Anak; apo; asawa; kinakasama; magulang; lolo/lola; anak o magulang ng asawa o kinakasama ng empleyado; kapatid (kabilang ang kapatid sa ama/ina, ampon, o anak ng pangalawang asawa ng ama/ina).

## PAUNANG ABISO

Kung nakikinita ang pangangailangan, maaaring hingin ng inyong employer ang hanggang pitong araw na paunang abiso kung binabalak ninyong gumamit ng bakasyon para sa pagkakasakit. Kung hindi nakikinita ang pangangailangan, maaaring hingin ng inyong employer na magpa-abiso kayo sa sandaling puwede na (makatwiran). Maaaring hingin ng inyong employer na magbigay kayo ng nakasulat na pagpapatunay na ginamit ninyo ang bakasyon para sa pagkakasakit para sa mga layunin ng bakasyon para sa pagkakasakit.

## DOKUMENTASYON

Maaaring hingin ng inyong employer ang dokumentasyon mula sa isang lisensiyadong tagapagbigay ng pangangalaga ng kalusugan kung gumamit kayo ng mahigit sa tatlong magkakasunod na araw bilang bakasyon para sa pagkakasakit. Pinagbabawalan ng Paid Sick Leave Law (Batas sa May-bayad na Bakasyon para sa Pagkakasakit) ang mga employer na hingin ng tukuyin ng tagapagbigay ng pangangalaga ng kalusugan ang medikal na dahilan ng bakasyon para sa pagkakasakit. Ang pagbubunyag ay maaaring hingin ng mga iba pang batas.

## MGA HINDI NAGAMIT NA BAKASYON PARA SA PAGKAKASAKIT

Maaari ninyong dalhin ang hanggang 40 oras ng hindi nagamit na bakasyon para sa pagkakasakit sa susunod na taon ng kalendaryo. Gayunpaman, hinihingi lang sa inyong employer na pahintulutan kayong gumamit ng 40 oras ng bakasyon para sa pagkakasakit kada taon ng kalendaryo.

## PAGHIHIGANTI

Hindi maaaring maghiganti sa inyo ang inyong employer dahil sa paghingi o paggamit ninyo ng bakasyon para sa pagkakasakit. Ang paghihiganti ay kinabibilangan ng pagbabanta, pangdidisiplina, pagsisigante, pagbababa ng ranggo, pagsususpende, o pagbabawas ng inyong mga oras, o anumang iba pang nakasasamang hakbang sa pagtatrabaho laban sa inyo dahil sa paggamit o pagtatangkang gamitin ang anumang karapatang ginagarantiyahan ng batas.

## MGA REKLAMO

Maaari kayong maghain ng reklamo sa DCA. Upang kumuha ng form ng reklamo, pumunta sa Internet sa [nyc.gov/PaidSickLeave](http://nyc.gov/PaidSickLeave) o tumawag sa **311** (212-NEW-YORK sa labas ng NYC).

Magsasagawa ang DCA ng imbestigasyon at makikipagtulungan sa inyong employer upang subukang tumulong sa paglutas sa inyong reklamo. Pananatilihin ng DCA na kompidensiyal ang inyong pagkakakilanlan maliban kung kailangan ang pagbubunyag upang isagawa ang imbestigasyon, tumulong sa paglutas sa reklamo, o hinihingi ito ng batas.

### Mga Kasambahay

Nasa ibaba ang impormasyon tungkol sa bilang ng bakasyon para sa pagkakasakit at pagka-ipon at paggamit ng bakasyon para sa pagkakasakit na naaangkop sa mga kasambahay sa ilalim ng batas ng Lungsod. Ang bakasyon ay dagdag sa tatlong araw ng may-bayad na pamamahinga na nararapat sa inyo sa ilalim ng Batas sa Paggawa ng Estado ng New York. Pumunta sa [labor.ny.gov](http://labor.ny.gov) at hanapin ang “Domestic Workers’ Bill of Rights” (“Kalipunan ng Mga Karapatan ng Mga Kasambahay”). Lahat ng iba pang impormasyon sa dokumentong ito ay naaangkop sa inyo.

Bilang ng Bakasyon para sa Pagkakasakit kada Taon ng Kalendaryo	May-bayad o Walang-bayad	Antas ng Bayad
2 araw	May-bayad	Regular na kada-oras na antas ngunit hindi mas mababa sa \$8 kada oras (kasalukuyang pinakamababang sahod) Pumunta sa <a href="http://labor.ny.gov">labor.ny.gov</a> at hanapin ang “Minimum Wage” (“Pinakamababang Sahod”).
Antas ng Pagka-ipon	Petsa ng Pagsisimula ng Pagka-ipon	Petsa na Maaaring Gamitin ang Bakasyon para sa Pagkakasakit
2 araw pagkatapos ng 1 taon sa trabaho	Magbibigay ang DCA ng gabay sa <a href="http://nyc.gov/PaidSickLeave">nyc.gov/PaidSickLeave</a>	Magbibigay ang DCA ng gabay sa <a href="http://nyc.gov/PaidSickLeave">nyc.gov/PaidSickLeave</a>

**MAYROON BA KAYONG MGA TANONG?** Upang makipag-ugnayan sa DCA, pumunta sa [nyc.gov/PaidSickLeave](http://nyc.gov/PaidSickLeave), mag-email sa [PaidSickLeave@dca.nyc.gov](mailto:PaidSickLeave@dca.nyc.gov), o tumawag sa **311** at humingi ng impormasyon tungkol sa May-bayad na Bakasyon para sa Pagkakasakit.